

1

Kauupo pa lamang ni Gavin Del Valle at ng best friend niyang si Rodel Valdemor sa matataas na silya sa bar ng paborito nilang hang-out sa Makati nang tumunog ang kanyang cellphone.

“Geesh, bakit hindi mo i-off?” natatawang sabi nito. “Maybe it’s one of your ex-girlfriends again toasting to your ill health. You have enough in your hands here, just look at the women in this place. They are all looking at you.”

“You can say that again,” tugon niyang napahugot ng malalim na hininga. Mula nang maging opisyal ang engagement niya sa nobyang si Nikki Valencia ay ilan nang dating nobya niya ang tumawag para sabihing siya ay salawahan at walang puso. At nang dahil sa publicity tungkol sa okasyon ay asiwa siya sa attention na kanyang tinatanggap.

Nang tingnan niya ang numero, nakita niyang ang tawag ay mula sa house phone ni Nikki kaya pinindot niya ang answer button.

“Hello?”

“You snake!” anang boses mula sa kabilang linya.

Napatingin siya sa kaibigang noon ay umo-order ng kanilang inumin at magmuwestra sa hintuturo na animo iginilit sa leeg.

Napangiwi rin si Rodel na nahigingang bad trip na naman ang tawag na iyon.

“Who is this?” tanong niya na nagkunwaring hindi nakilala ang nasa kabilang linya.

“Who is this ka pa d’yan,” mapaklang tugon ng babae.

“Oh, Celine!” aniyang ini-acknowledge kung sino iyon kahit hindi pa ito nagpapakilala. “Hindi ba may party kayo diyan kina Nikki?”

“Hindi ba may party kayo d’yan kina Nikki?” ulit nitong may pang-uyam. “How dare you talk to me!”

“Then why did you call me?” natatawa niyang tanong.

“How can you talk to me lightly when you were pledging your love to me nitong nakaraang buwan lamang!” sita ng babae na patuloy ang pagbubuhos ng sama ng loob. “Here I am trying to keep a straight face in front of all my friends and looking at your fiancée’s smug face!”

“I can’t remember pledging my love to anyone

except—”

“Inahas ninyo akong dalawa!” patuloy ng vindictive na boses. “Sabi mo ay wala kayong kaugnayan!”

“Matagal na tayong break, Celine,” mahinahong saad ni Gavin. “Can’t you just wish us our happiness? Hello? Hello? Celine, I’m afraid hindi kita marinig. I am up here somewhere in the *Cordillera Mountains* with Rodel... Can’t talk now... malabo ang signal...” Saka niya pinindot ang off button.

Iiling-iling na ipinatong niya ang cellphone sa ibabaw ng bar counter habang ang bartender ay sinisilbihan sila ng kanilang inumin.

“Bakit hindi mo natapos ’yung sentence mo about not pledging your love to anyone?” usisa ni Rodel na inalog ang kopita ng martini nito. “I thought you have pledged your love to Nikki?”

“I pledged to marry her, Rod, pledging my love is another matter,” may pagkapilosopo niyang tugon, subalit sa likod ng kanyang isipan ay totoo iyon. Wala pa siyang napangakuang ibigin at iyon ay nakakabagabag na isipin. *I’ll pledge my love to the one I marry...*

“Then why marry her at all if you don’t love her?”

tanong ng kaibigan.

“Sinusunod ko lang ang sinabi ni Lola sa akin,” paliwanag niya. “We don’t really love someone unless we know them well enough. And to know them well enough is to live with them under one roof.”

“So?”

“I’ll start the loving when I marry,” konklusyon niyang nakangiti.

“You mean habang magnobyong pa lamang ang isang couple, they act under false pretenses?” tanong pa nito.

“Exactly!” May sasabihin pa sana siya nang may naupong isang babae sa bakanteng stool sa kanyang kaliwa. May business card itong itinulak na kanya namang kinuha saka nginitian ang babae na seksing naglakad pabalik sa mga kasama nito sa kabilang dako ng bar.

“Kahit pa alam na ng buong bansa ang tungkol sa engagement n’yo ni Nikki, hindi ka pa rin tinitigilan,” natatawang komento ni Rodel.

“*C’est la vie!*” kubit-balikat niyang sabi bago nilamukos ang business card at ibinigay iyon sa bartender. “Pakitapon nga sa basurahan. Thank you.”

Muli siyang bumaling sa kaibigan. “I am, at least, faithful.”

Abala sa pagbabasa ng diyaryo ang kanyang business partner na si Mayumi nang pumasok sa opisina si Fenella. Pabagsak na inilapag niya ang kanyang handbag sa ibabaw ng mesa upang makagawa iyon ng ingay, subalit hindi pa rin ito tuminag sa pagbabasa.

Kung pagmamasdan silang dalawa ay puwede silang mapagkamalang magkapatid. Si Yumi na isang industrial engineer ay ang pinaliit na version ni Fenella na siya namang interior designer ng firm na iyon.

“Ano pa ba ang mas importante bukod sa ako’y batiin mo ng magandang umaga?” natatawa niyang tanong dito saka siya naupo. Lalong lumawak ang ngiti sa kanyang mga labi nang masusing pagmasdan ang get-up nito. “Saang horror shop mo nakuha ang iyong wig at Gothic Gaga naman ang drama mo ngayon?”

“Good morning! Sawa na ako sa pagiging blond,” tugon ni Yumi na nakatulis ang ngusong namumula sa lipstick na ang trip nitong nakakaraang mga araw

ay gayahin si Lady Gaga. Inangat nito pansumandali ang mga mata mula sa binabasang culture section ng peryodiko saka pinabilis ang pagnguya sa nginangatang bubble gum. “Ngayong pinansin mo na ang aking gothic look ay papansinin na rin kita—binabasa ko itong social column. Baka may masalabid akong fafah sa mga darating na panahon.”

“You hunt men as if it’s a sport,” napapailing na sabi niya na pinagmasdan ang itim na fishnet stockings nito.

“Well, why not?” anitong itinaas sa mesa ang mga paa na ang suot ay matulis na stiletto. “Napapansin ko sa panahon ngayon, kumokonti na ang mga lalaki! Sa dami ng mga bading ngayon, ang chances natin na makakuha ng fafah is going down the scale!”

“Ano ang ibig mong sabihin?” tanong niyang nakataas ang isang kilay.

“Ang ibig kong sabihin,” paliwanag nito na ngumuso muna bago nagpatuloy, “look at you—look at me! Parehong zero ang love life natin. Ano ang ibig sabihin n’on?”

“Ang ibig sabihin ay busy tayo sa ating career at saka wala pang lalaki na na-in love sa atin nang talagang dibdiban.”

“Kow!” kontra nito. “Hayan ka na naman sa career na iyan. Kaya ako nagbabasa ng social columns ay baka dumating ang araw na maimbita rin ako sa mga gatherings ng alta-sociedad!”

“They will have the honor of Gothic Gaga’s presence,” natatawa niyang dagdag.

“Mismo!” tawa rin ni Yumi.

“Buti kung maimbita ka sa party ng mga iyan na nasa diyaryo,” balik-kontra niya. “Trust me, those parties are boring!” Sinimulan niyang masdan ang mga papeles na inihanda para sa kanya ng sekretarya.

“Sinabi mong *boring*, huh,” komento nitong lumapit na tangan pa rin ang peryodiko at isa pang papel. “Well, humanda kang mabagot dahil pupunta ka sa party ng kapatid ni Mr. Arturo Del Valle kung saan ipiprisinta mo ang design na gagawin natin para sa kanilang bahay sa probinsya!” Iniabot nito ang sulat mula sa sekretarya ng *Del Valle, Incorporated*.

“Really?” Lumawak ang kanyang ngiti nang makita ang papel ng imbitasyon. “Yes! I got the commission to clean and restore Mr. Del Valle’s old paintings... And what is this?” puna niya sa diyaryo na inilapag ni Yumi sa harapan niya.

“Ang binabasa ko ay tungkol naman kay

Gavin Del Valle na nito lamang ay naging official ang engagement kay Nikki Valencia,” tugon nito na ipinakita ang pahina ng babasahin kung saan nandoon ang larawan ng magnobyong.

“Sino?” tanong niyang inangat ang mukha mula sa papel na binabasa.

“Si Nikki Valencia,” ulit nito na may diin sa boses, “yung artista!”

“Yeah, I know artista siya,” naiiling niyang saad, “you don’t have to shout it out. Yung nobyo ang tinatanong ko.”

“Paano po, wala kang kilala sa mga artista kahit pa ilan nang bahay ng artista ang nai-decorate mo,” anitong nagtungo sa kanyang tabi at ibinigay ang peryodiko. “Si Gavin Del Valle ang nobyo at siya ang anak ng may-ari ng *Del Valle, Inc.*, naiintindihan mo ba?”

“As if interesado akong malaman?” nonchalant niyang sagot na ini-on ang kanyang computer.

“Just look at him,” turo nito sa larawan ng lalaki sa diyaryo na may malungkot na expression sa mukha. “Tingnan mo naman kung gaano kaguwapo ang lalaking iyan. Tiyak na maraming babae ang nagdurugo ang puso dahil malapit na siyang ikasal!”

napapailing na dagdag nito.

“So that’s why you have crocodile tears,” natatawang usisa niya dahil may tila glitters na hugis-luha sa ilalim ng mga mata ng kanyang partner. “Hindi nagdurugo ang aking puso. Drama lang talaga ang nais mo, bruha!” Subalit nang pagmasdan niya ang larawan ng Gavin na sinasabi nito ay aminado siyang nakabibighani nga ang mukha ng lalaking iyon at nakaabrisiete rito ang nobya nitong artista. “I don’t understand, bakit artista ang nagustuhan niya? Nabababawan ako sa karamihan sa mga nasa showbiz. ”

“Iyon na nga ang tanong ko rin sa sarili ko,” nakangusong tugon ni Yumi. “Nandito naman tayong dalawa na available since we were born, hmph! Pero, kunsabagay, galing din kasi sa mayamang pamilya iyang si Nikki Valencia at may political connections. Pero mas maganda pa rin tayong dalawa, huh! You with your classical beauty and me with my pixie look—at hindi tayo retokado!”

“But let’s not talk about Nikki Valencia, etcetera,” dismiss niya sa usapan na dinampot ang invitation letter. “Instead, let’s talk about this occasion. It says here, wala nang ibang panahon para makausap si Mr. Del Valle dahil pupunta sila sa Europe two days

after this party at the *Manila Yacht Club*. It means I am going to that party in my usual business suit with my portfolio and laptop.”

“Why should you?” anitong kinuha ang sulat at muli iyong binasa. “It is not your fault that they couldn’t accommodate us during business hours. Kung ako sa ’yo, darating ako doon na... *at least...* naka-cocktail dress.”

“Kung ako ikaw? Sa palagay ko ay pupunta ka doon na naka-costume ng asawa ni Count Dracula,” natawa niyang tugon. “Pero sa palagay ko ay may punto ka. Hindi natin alam kung kailan ako ma-entertain ni Mr. Del Valle sa party. I cannot look like the odd one out with my business suit.”

“Exactly!” sang-ayon nito na nag-pout para i-emphasize ang mapupulang nguso.

“Hindi ako aalis sa tabi ng sekretarya na si Miss Locsin para ma-entertain ako kaagad ni Mr. Del Valle,” nakangiti niyang sabi na pinaplano na ang strategy para sa gabing iyon, “para maaga akong makauwi.”

“Uuwi ka na kaagad?” napamaang na tanong ng kausap. “Are you out of your mind? Maki-rub shoulders ka naman sa kanila, ’no! *Manila Yacht Club* ang pupuntahan mo. Ang karamihan tiyak sa mga

nandoon ay may yate!”

“Hay naku, Yumi, que may yate pa sila,” pinal niyang sabi, “at hindi ko naman type, they don’t float my boat!”

Masayang iniligpit ni Fenella ang sketches pabalik sa kanyang portfolio. Naging maganda ang takbo ng interview puwera lang sa open admiration na ipinakita ni Mr. Del Valle at sinabihan siyang hindi raw bagay sa kanya ang may career. Siya raw ang dapat na nagpapa-design ng kanyang mga mansions!

“The old man was hitting on me,” anang text message niya para kay Yumi na naghihintay ng resulta ng kanyang interview. *“But it went okay. I just had to put him in his proper place.”*

Nang dadamputin na niya ang huling sketch ay napansin niya ang cellphone sa ibabaw ng mesa mula sa lugar na inokupa ni Mr. Del Valle.

Nang matapos sa pagliligpit ng kanyang portfolio ay dala ang cellphone na lumabas si Fenella ng conference room ng *Manila Yacht Club* kung saan siya in-interview.

Iginala niya ang kanyang paningin sa karamihan

ng mga tao at nakitang nasa kabilang dako ng bulwagan ang taong kanyang hinahanap.

Nagsimula siyang maglakad patungo sana sa kinaroroonan ni Mr. Del Valle, subalit may isang lalaking sadya siyang hinarang.

“I think you have something that belongs to me,” anito na hindi nang-aakusa kundi nakangiti pa nga ito habang nakatingin sa kanyang mukha.

“You mean this *BlackBerry* phone?” aniyang inilahad ang hawak na cellphone subalit hindi iyon ibinigay rito. “Picture ng isang babae ang nasa background, and you are a man.”

“That’s my fiancée,” tango ng lalaki. “Naiwan ko iyan sa conference room where you came from. I was just about retrieve it.”

“How sweet,” aniyang may kalahating ngiti na nakipagtitigan dito at naisip na tila pamilyar ang mukha nito. “Actually, papunta ako doon kay Mr. Del Valle para ibigay itong cellphone na naiwan niya sa mesa sa conference room.”

“I am the Mr. Del Valle who owns that cellphone,” anitong naroon pa rin ang charming na ngiti sa mga labi. Halatang nagugustuhan nito ang nakikita. “I am Gavin Del Valle.”

“Oh, really?” ani Fenella na hindi namalayang kumislap ang kanyang mga mata. “Kung gayon ay si Nikki Valencia itong nasa picture?” Saka niya pinagmasdan muli ang cellphone. “She looks different kapag walang makeup.”

“She won’t like it that somebody didn’t recognize her face,” nakangiting saad ni Gavin.

“Right,” aniyang napabuntong-hininga saka dinukot sa bulsa ng pitis na palda ang kanyang cellphone at iniabot iyon sa lalaki. “Maraming tao ang puwedeng maglagay kay Nikki Valencia as their background picture. Kung talagang sa iyo ang *BlackBerry* na ito, dial your number.”

“Sure,” sang-ayon ni Gavin na lalong lumawak ang ngiti nang abutin ang kanyang *HTC* cellphone. *She wants me to have her number!*

“Well,” anang dalaga na tiningnan ang tumutunog na cellphone, “sa iyo nga... Here!”

Nagpalit sila ng cellphone.

“Thank you,” sabi nitong iniabot din ang kanyang cellphone. “Now we have each other’s number.”

“Yeah, I guess so.” Parang nakuryente siya nang magdampi ang kanilang mga kamay. Kaagad niyang

binawi iyon at inilagay sa kanyang likuran na para bang napahiya, subalit mabilis din siyang nakabawi ng composure. “Do you have a problem with that?”

“None,” tugon nito na ina-assess ang kanyang mukha; wala sa hitsura niya ang nakikipag-flirt.

“It’s so sweet of you to have the face of your fiancée as your background picture,” komento pa niyang nagsimula nang maglakad patungo sa exit.

“Siya ang naglagay ng picture para maging wallpaper ng cellphone ko,” sabi nitong matter-of-factly, subalit nakatitig sa kanyang mga mata. “And yours is *Bugs Bunny*.”

“My favorite cartoon character since I was a child,” tugon niyang napatigil at ini-incline ang ulo sa kanan. “Nobody would be jealous with a cartoon character.”

“I guess so,” anitong napansin ang kipit-kipit niyang portfolio bago pinagmasdan ang suot niyang fully beaded sleeveless blouse na yari sa piña at ang itim na velvet pencil cut skirt. “May I know your name?”

“I am not actually attending your relative’s party but... I didn’t want to come here in a business suit, and my name is Fenella Ocampo,” medyo nahihiya

niyang pahayag na binawi ang kanyang tingin at inipit sa likod ng kanyang tainga ang ilang hibla ng buhok na wala sa ayos.

“May I offer you a drink, Fenella?” alok ni Gavin na iyon kaagad ang naisip sabihin.

“Oh no, thank you,” tanggi niyang napailing at napatingin sa kanyang relo saka nagpatuloy na maglakad patungo sa exit. “I came here on business reason.”

“Kahit isang shot lang?” muli nitong alok.

“I am driving, Mr. Del Valle,” iling niya na huminto sa exit door.

“Bakit hindi kita mapilit?” napakamot sa batok na tanong nito.

“Gavin... Mr. Del Valle, the news about your engagement is known all over the country,” nakangiti niyang turan na pinagmasdan ang boyish na mukha nito. “Alin ang mas aksaya ng panahon, ang umuwi ako at magbasa ng romance novels o ang makipag-inuman sa isang lalaking engaged to be married?”

“Why, are you on the look-out for a relationship?” nakangiti nitong tugon.

“A long and lasting relationship,” pagtatama niya.

“Not a fling,” dugtong nitong tatangu-tango.

“Not an open relationship or even the complicated type of relationship, no,” aniyang iiling-iling na natatawa dahil sa kunwari ng *pitiful look* sa mukha ng binata.

“Why can’t beautiful women like you stop reading announcements of engagements in the social columns?” anitong napakaguwapo kahit nakakunot-noo. “May I, at least, walk you to your car?” apila pa nito.

“Oh, sure!” Nagsimula na siyang maglakad patungo sa parking lot at consciously aware na habang nakasabay ito ng paglakad sa kanya ay nakatingin din ito sa kanyang profile.

Pinindot niya ang electronic car key nang malapit na siya sa kanyang kotse.

“Good night,” paalam nito na binuksan ang pinto ng driver seat.

“Good night,” aniyang pumasok na sa kotse at nang umaandar na iyon ay nakita niya sa rearview mirror na hindi pa rin tuminag si Gavin Del Valle sa pagkakatayo roon. *What a beautiful man...*

2

May tatlong maliliit na antigong paintings sa collection ng mga Del Valle na kailangan ng restoration. At gaya ng dati ay unorthodox ang oras na hiniling ng sekretaryang si Miss Locsin upang kunin niya ang mga iyon at dalhin sa kanyang studio.

Dahil wala siyang pass para sa underground parking ay pumarada siya sa gilid ng gusali saka nagmamadaling naglakad patungo sa harapan. At sa kanyang pagmamadali ay natalisod siya sa pangalawang baitang bago makarating sa salaming pinto ng gusali. Napaupo siya sa tabi ng sliding door saka niya naramdaman ang kirot sa kanyang kanang bukung-bukong.

Saka naman bumukas ang pinto.

Oh good, nakita siguro ako ng security guard...

Ngunit hindi ang guwardya ang lumabas kundi isang babae na kaagad niyang nakilala kung sino. Umihip ang hangin sa direksyon nito at halos humakab sa maganda nitong katawan ang suot na damit na malambot ang materyales.

“Nikki, will you please listen?” ani Gavin na

noon ay nakasunod sa nobya at kasunod nito ay ang security guard.

“I am not going to listen to you!” matigas na sabi ni Nikki Valencia na hinapit sa mga balikat ang manipis na chiffon shawl nito saka tumingin sa security guard. “Don’t just stand there, itawag mo ako ng taxi!”

“Yes, Ma’am,” natulirong napa-action ang guwardya na nagtungo sa tabing-kalsada at pumaswit nang malakas.

“Why can’t we talk about it rationally?” pakiusap ng binata na tinanganan sa magkabilang braso ang nobya.

“Don’t you dare touch me! I hate you!” maltog ng babae na pinalis ang mga kamay ng nobyo. “Where is my taxi?”

“Parating na po, Ma’am,” tugon ng guwardya na noon ay namataan si Fenella at nais sana nitong lapitan siya, subalit resolba nitong unahin ang maisakay sa taxi ang nobya ng amo.

Huminto nga ang isang taxi at mabilis na sumakay ang babae nang mapagbuksan ito ng guwardya ng pinto.

Nakita ni Fenella ang helpless gesture sa mga kamay ni Gavin na hanggang noon ay hindi pa rin siya nakikita. Napansin nitong nakatingin sa kanya ang guwardya kaya napatingin ito sa kanyang dako.

“Hello,” bati niya sa binata na nagitla na matagpuan siyang nakaupo sa lapag. Subalit kumilos naman ito upang siya ay lapitan.

“Miss Ocampo, are you all right?”

Hinayaan niyang tanganan nito ang kanyang mga kamay at saka inalalayan siyang tumayo.

“Okay lang ako,” tugon niyang hindi nga alintana ang kanyang damit. “I think I hurt my ankle.”

Nagsimula silang maglakad papasok sa lobby, ngunit hindi siya makasabay sa binata kahit pa mabagal na itong naglakad.

Huminga ito nang malalim at walang sabi-sabi na pumosisyon upang siya ay pangkuhin.

“What the...!” simula niyang nagulat.

“Tumawag ka sa itaas at sabihin mong maghanda ng pangbenda,” utos nito sa guwardyang nakaantabay na siyang pumindot sa up button ng elevator.

May acute na pakiramdam sa kanyang lalamunan

si Fenella na hindi niya maitanggi sa sarili. *He's so strong! He picked me up as if I were a feather...*

“I am an impatient person,” nakangiting pahayag ng binata nang makapasok sila ng elevator. “And you look so...”

“What?” tanong niyang napaka-charming ng tono.

“Beautiful!” prangka nitong tugon. “Beautiful and helpless!”

Umiling siya. “You shouldn’t say such things to me,” pagtatama niya.

“Kaaalis lang ng nobya kong irrational and here I am, complimenting another woman,” tugon nito. “I can see that disapproving look in your eyes; I feel as if you prefer to hear the compliments of the hero from a romance novel than from a man who is *engaged to be married*.”

“And for an irrational woman, she is not bad in the looks department,” tugon niya na napatitig sa kurbada ng mga labi nito. *Naalala pa niya ang sinabi kong nagbabasa ako ng romance novels!*

“I know,” anitong hindi makatanggi, “but she’s so exasperating! Sometimes I can’t stand her fits of

jealousy and rage.”

Medyo ibinaba niya ang talukap ng kanyang mga mata upang lambungan ng kanyang mga pilikmata kung saan siya nakatingin—sinimulan niya ang assessment ng profile nito—ang intelihenteng noo; ang deep-set na mga mata na hindi na muna niya aalamin kung ano ang talagang kulay; ang tuwid na ilong na mataas ang balingusan; ang makinis na pisngi at ang masculine na panga na tila nais i-outline ng kanyang daliri. Saka tumigil ang kanyang paningin sa tumitibok na pulso sa ibaba ng leeg nito; hindi niya alintana ang sakit sa kanyang bukung-bukong dahil iba ang pinagkakaabalahan ng kanyang mga senses.

“Do you really have to look at me with those veiled eyes?” tanong nito nang makalabas sila ng elevator.

“Wala akong choice, eh, you’re the nearest view I’ve got,” natatawa niyang tugon na pinilit ang sarili na huwag mapahiya. “And besides, it is not polite to look openly.”

“You are welcome to look,” saad nitong tila wala lang kung titigan niya ito.

“Uh-huh,” iling niya, “mahirap nang mapagselosan.”

“By the way, bakit ka nandito sa oras na ito?” tanong ng binata na pumasok sa penthouse nito; nasa pintuan ang isang unipormadong maid. “Ah, don’t tell me this is one of Miss Locsin’s irregular requests.”

Nang ibaba siya nito sa divan ay iginala niya ang paningin sa paligid. Ang kanyang ekspertong mga mata ay pinansin ang detalye ng open plan penthouse. Puti at itim ang motif sa buong paligid na ang tanging makulay sa mga muebles ay ang grupo ng apat na cantilever chair na pula ang cushion at ang bilog na mesang yari sa matigas na kahoy na makinis ang hibla.

Minimal Scandinavian design...

“Well, what do you think of my abode?” pukaw nito sa kanya.

“Too uncluttered for my taste,” aniyang humimpil ang paningin sa crystal vase na nasa center table sa grupo ng itim na leather sofa at itim din ang rug.

“What do you mean by that?” usisa nito na may seryosong expression sa mukha.

Napakagat-labi siya. *Me and my big mouth!*

“Well?” untag nito na naghihintay ng sagot.

“It is a design na gusto ng taong hindi nais na

may bata sa kanyang tirahan,” napilitan niyang pag-amin.

Umalingawngaw ang halakhak ng binata sa paligid.

“I am not going to argue with you, Miss Romantic,” natatawa at napapailing na tugon nitong lumuhod sa paanan niya at sinimulang bendahan ang kanyang bukong-bukong.

Humugot ng malalim na hininga si Fenella at pinagmasdan ang mukhang iyon na maraming emosyon ang na-pukaw sa kanya.

“Nawindang na naman ang puso ko kay Grizabella,” ani Yumi na pinipilipit ang hawak na panyo. Nasa lobby sila ng *Folk Arts Theater* para sa intermission ng musical na *CATS*. “Mabuti na lamang at simpleng buhay lamang ang nais ko, hindi ko nais na sumikat! Hindi ko nais na magkaroon ng maraming fans at tumanda na nag-iisa sa buhay na walang nagmamahal...”

“Anong simpleng buhay ang sinasabi mo, hayan at sa ’yo nakatingin ang mga tao?” tugon ni Fenella na natatawa rito dahil sa costume at makeup nitong mala-*Catwoman*. “Ano, gagamitin mo ba

ang intermission para mag-drama o bibili tayo ng refreshment? Nauuhaw ako.”

“Tara let’s!” anitong nagbagong bigla ng mood at hinatak siya patungo sa refreshment counter. Subalit nabitawan niya ang kamay nito at hindi na siya nakasunod dahil maraming tao ang nandoon, kaya minabuti na lang niyang manatili sa kinatatayuan. *She will come back for me here... She’s right, if only everyone could end up with the one they really love...* May mukha ng isang lalaki ang sumagi sa kanyang isipan; ang mukha na mula nang makita niya ay hindi na niya halos maalis sa kanyang balintataw.

“Miss Ocampo,” anang isang malalim na tinig mula sa kanyang likuran, “we meet again.”

“Hello, Mr. Del Valle,” pormal niyang bati na pilit itinago ang pagkagitla dahil kaiisip lang niya dito. “Hindi ko na tatanungin kung ano ang ginagawa mo dito.”

“No, you don’t have to,” tugon nitong itinuro ang kasama na hindi inaalís ang tingin sa kanyang mukha. “I would like you to meet my best friend, Rodel Valdemor... Rod, siya si Fenella Ocampo.”

“Pleased to meet you, Fenella,” anang lalaki na nakipagkamay sa kanya; nagpalipat-lipat ang mga

mata nito sa kanilang dalawa na nahulaan kaagad kung ano ang nagta-transpire. “I’ll get us a drink, Gavin,” abiso nito sa kaibigan.

“Sure,” tugon ni Gavin na hindi pa rin inaalís ang tingin sa mukha ng dalaga. “How are you?”

“I am fine, thank you,” aniyang hindi rin mawarian kung bakít hindi niya mapuknat ang sarili sa pagkakatitig dito. Kung puwede lang maglaho ang mga tao sa paligid...

“Shucks!” siko na sa kanya ni Yumi na noon ay nakabalik na at nakatingin sa spellbound na mukha nilang dalawa ni Gavin. “Will you two go and get a room?”

Nagkatawanan silang dalawa sa sinabi nito.

“It’s time to go back,” anang binata na nakatingin pa rin sa kanya.

“Yes,” simpleng tugon niya rito na hinatak si Yumi pabalik sa teatro. “Will you go get a life!” aniyang kinurot ito sa tagiliran. “Ang salbahe mo!”

Natawa lang ito sa kanyang delayed embarrassment.

“Ano ang ibig sabihin ng malalagkit na tinginang iyon?” tanong nito. “That guy who is so impossibly

handsome is also engaged to be married! Kulang na lang ay hatakin ninyo ang isa't isa at kayo ay maghalikan! Hello, is anybody there?" Mahina nitong tinuktukan ang kanyang ulo.

"I was just looking at him," aniyang pilit hinila ang isipan pabalik sa lupa, ngunit alam niyang hindi lang *looking at him* ang kanyang ginawa.

Noon ay nakabalik na si Rodel mula sa refreshment counter.

"I don't know what to say, Gavin," anitong nakatingin din sa direction na tinungo nina Fenella at Yumi. "You can't deny it, you are attracted to her."

"I was just looking at her," reflective na sagot ni Gavin at alam nitong hindi lang *just looking* ang naganap nang magtitigan sila ni Fenella.

"Tagumpay!" masayang bulalas ni Yumi nang makaibis ng sasakyan. Inayos nito ang suot na itim na cocktail gown bago bumaling kay Fenella na noon ay umibis na rin. "Sabi ko sa 'yo, one of these days ay maiimbata rin ako sa party ng mga rich and famous!"

"Yumi," iiling-iling na tawag niya sa kaibigan, "kaya tayo naimbata ay dahil ang design firm natin

ang nag-de-decorate ng bahay ng mga Del Valle sa probinsya.”

“Ano iyon sa akin? Saka tila may crush sa ’yo si Mr. Del Valle,” anitong nagtaas ng noo. “Okay ba ang makeup ko?”

“Your eye makeup is too heavy,” puna niya, “and your skirt is too short.”

“Napakamanang mo naman,” natatawa nitong tugon na may anticipation ang expression sa mukha nang pumasok sila sa *Champagne Room* ng *Manila Hotel*. “Ang damit na ito ay exact replica ng damit ni Kristen Stewart noong premiere ng *Twilight*.”

Hindi na niya nakuhang tumugon dahil hayun na sila sa entrada kung saan nakatayo si Mr. Arturo Del Valle at binabati ang bawat dumating na bisita. Katabi nito ang anak. Inihanda niya ang pinakamatamis niyang ngiti para sa ama ng binata.

“Miss Ocampo,” masayang bati ni Mr. Del Valle na tinanganan ang kanyang kamay sa pagitan ng mga palad nito, “you are more beautiful than the last time I saw you! Kung hindi nga lamang ba magkasing-edad lang kayo ni Gavin ay maiisipan ko uling mag-asawa.”

Napatingin siya rito, pagkuwan ay kay Gavin.

“He disapproves of my having relationships with young women,” natatawag paliwanag ng biyudo saka ito bumaling kay Yumi.

“This is my business partner, Mayumi Sagara,” pakilala niya sa kaibigan.

“Happy Birthday, Sir,” bati ni Yumi sa may kaarawan. May iaabot sana itong maliit na regalo nang sumingit si Miss Locsin.

“This way, please?” anyaya ng sekretarya sa kanilang dalawa saka sila nagtungo sa isang karatig na mesa kung saan nandoon ang mga regalo. “You understand from the invitation I sent you that those who will come with a gift will have a penalty. They will do a number for the birthday celebrant.”

Nagtataakang napatingin si Fenella kay Yumi.

“We know,” tugon ng huli na may salbaheng ngiti at itinuon ang hintuturo sa kanya. “Hindi sa akin ang gift na ito—sa kanya!”

Binasa nga ng sekretarya ang kalakip na card at nakasulat doon ay kanya lamang na pangalan.

“What?” Halos malaglag ang panga niya saka siya gigis na bumulong sa kaibigan; conscious dahil nakatingin sa kanilang dalawa si Gavin. “What do

you think you're doing—setting me up like this?”

“We are not dressed like this for nothing,” rason ni Yumi na natatawa sa kanyang agitation. “You set me up, too, last month... sa karaoke bar, remember?”

“But this is *different*, Yumi,” halos nais niyang pumadyak sa pagkalito. Nakasaad nga sa imbitasyon na hindi nais ni Mr. Del Valle na magdala ng regalo ang mga dadalo sa kaarawan nito.

“Relax! Are you worried na hahatakin na naman kita para kumanta ng *Poker Face*?” natatawang pakli nito na napatingin sa piano sa podium. “I’ll do the accompaniment for you.”

“Goodness!” aniyang halos sumalampak ng upo sa silya nang matagpuan nila ang kanilang mesa. “Alam mo ba ang nerbyos ko kapag ikaw ay nasa iyong Lady Gaga mode?”

“Chill ka lang,” paniniguro nitong sa ibang direction nakatingin.

“Chill ka lang d’yan,” aniyang may helpless na tono. “I will look ridiculous!”

“Oh no, you will not look ridiculous, ikaw pa,” baling nito sa kanya. “Ayaw mo ’yon, malalaman ni Gavin kung gaano kaganda ang boses mo?”

“Wala akong planong kumanta!” tanggi niyang may defiant na tono at saka naghalukipkip.

“Ano ang gagawin mo, kumain ng apoy o tumulay sa alambre? Look! He’s looking in your direction.”

“Yumi, please,” pakiusap niyang taos sa kanyang kalooban, “don’t push me in his direction.”

Hindi nga naglaon pagkatapos ng masarap na dinner ay isa-isa nang tinawag ang mga *nagkamaling magdala* ng regalo para kay Mr. Del Valle. Nanggigigil si Fenella nang siya na ang tawagin. Problema pa niya, walang karaoke roon kaya napilitan siyang isama si Yumi upang tumugtog sa piano para sa kanya at iisa lamang ang piyesa na kaya nitong tugtugin na alam niyang kantahin—isang jazzy rendition ng *Gravity* ni Sara Bareilles.

Something always brings me back to you...

You hold me without touch;

You keep me without chains;

I never wanted anything so much

Than to drown in your love

And not feel your rain...

Hindi niya alam kung bakit nang dumating na sa refrain ay napadako ang kanyang paningin kay Gavin at nakita niya ang paglapit ng spectacularly beautiful na si Nikki rito at kagaya ng ilang pares na kasingedad nila ay nagtungo ang mga ito sa dance floor at nagsayaw na halos magkadikit ang mga katawan.

Hindi niya maikala na halos mawasak ang kanyang puso sa nakita.

Ipinagpatuloy niya ang pagkanta na nakapikit ang mga mata at kunwari ay feel na feel ang awit; subalit ang totoo ay ayaw niyang makita ang dalawa habang nagsasayaw ang mga ito.

Kung bakit ba naman the more na makita niya sina Gavin at Nikki—together—ay lalo siyang nahuhulog sa patibong ng alanganing pag-ibig!

Ang nais niya ay malaman kung ano ang pakiramdam na makulong sa mga bisig ni Gavin; ang pakinggan ang tibok ng puso nito, ang mahalikan nito ang kanyang mga labi.

3

“Why the pensive mood, Gavin?” tanong ni Rodel na napansin ang kawalan niya ng kibo.

“Iniisip ko kung ano ang aking gagawin bukas,” simple niyang tugon na derechong ininom ang kanyang *Bacardi* with ice saka sinenyasan ang bartender ng isa pa.

“Whoa! Dahan-dahan,” natawang pigil ng kaibigan. “Gaano ba kaseryoso ang bagay na iyan at ngayon lang kita nakitang uminom nang ganyan? What is it all about?”

Huminga muna siya nang malalim bago nagsalita, “Nikki wouldn’t come with me to this stage play produced by some physically challenged children,” simula niya. “She said it’s not good for her image because if it leaks to the press, she said and I quote, *I will be inundated by requests and invitations from plays and programs from groups all over the land.* Unquote! She said if she were to do such, iyon ay kapag malapit na ang kampanyahan para sa kanyang papa.”

“Alam mo na iyan noon pa, hindi ba?” untag nito. “Dapat ay tanggap mo na iyan. But it seems to me

that there is more to it than what you said. Or else, you wouldn't be thinking deeply about it."

"It was Fenella Ocampo's business partner who invited me," tugon niyang sa neon sign ng *Budweiser* nakatingin.

"Now there's the rub," tatangu-tangong turan nito. "Sinasabi ko na nga ba't may mas malalim pang dahilan. And you said yes to the invitation."

"I don't know what prompted me to say yes," aniyang kina-calibrate ang isipin sa kanyang utak. "She poses a challenge to me, Rod. Something that I haven't experienced for a very long time."

"You were spoiled rotten kasi," natatawang pahayag ng kanyang kaibigan. "I don't wish being you, alam mo ba iyon?"

"What do you mean?" nagugulumihanan niyang tanong. "Alam kong ako ay spoiled ni Lola Pilarica, pero hindi ko kailan man ipinagpilitan ang isang bagay na alam kong hindi para sa akin."

"But you are finding it difficult to restrain yourself when it comes to Fenella Ocampo," puna nito na may paghamon. "I can't blame you. She's very beautiful. Imagine giving you the thumbs down on the first time you met?"

Kapwa sila natawa sa puntong iyon.

“Tila wala na ang aking *magic touch* sa mga babae,” suko ni Gavin na ininom ang *Bacardi*.

“No,” kontra ni Rodel na hinagod ng tingin ang kabuuan ng bar at nakitang maraming babae ang nakatingin sa direction nilang magkaibigan, “you still have your touch. But it’s only a good woman who would turn you down.”

“A good woman,” ulit niya at lalong nagpatindi ng kanyang reflective mood.

“Ang tanong ay kung pupunta ka ba para manood ng stage play na iyon o magpapadala ka na lamang ng tseke bilang donasyon,” saad nito na kabisado ang takbo ng kanyang utak dahil magkaibigan na sila noong sila ay nasa elementary pa.

“It’s complicated, Rod,” amin niya. “It is so complicated!”

“Let me put it this way, Gav, para mas madali na para sa ’yo ang mag-contemplate,” anitong ipinatong ang kamay sa balikat niya. “You are trying to figure it out if the things you are going to do are just to attain her, then, for a man who is engaged, she can be your last fling. But if you are doing things to get her love, then that’s a different matter...”

Napilitan ding sumama si Nikki sa utos na rin ng ama nito na may balak kumandidato bilang senador; kaya talagang kailangan na pati ang dalaga ay i-promote ang ama nito kahit saan.

Habang pinagmamasdan ni Fenella ang magkasintahan na sa mga sandaling iyon ay binabati ang mga batang may kapansanan na gumanap sa stage play, ayaw niyang aminin ang kalungkutang nadarama. Wala siyang nagawa kundi tapunan ng panakaw na sulyap ang binata na nahuli rin niya nang ilang beses na nakatingin sa kanya.

Palibhasa si Gavin ay hindi naman celebrity, nakita niyang kumawala ito kay Nikki na siyang nagpatuloy sa pag-estima sa mga fans na nais magpa-autograph at magpakuha ng litrato na kasama ito.

Inalihan siya ng magkahalong saya at kaba nang makita niyang patungo ito sa kanyang direksyon at huli na para sa kanya ang umiwas dahil nakita na siya nito.

“You look as if you are looking for an escape route,” nakangiting obserba nito nang makalapit sa kanya.

“Guilty!” amin niya na itinaas ang dalawang

kamay saka yumuko dahil wala na siyang planong sabihin pa.

“I am wondering why I can’t resist looking in your direction,” biglang sabi nito, subalit hindi sa kanya nakatingin kundi sa nobya nito.

“Mr. Del Valle, depende kung anong klaseng tingin ang ipinupukol mo sa aking direction,” tugon niyang kay Nikki rin nakatingin.

“Hindi ka ba talaga palangiti?” tanong pa nito.

“Depende sa taong aking ngingitian,” aniyang sumulyap dito.

“I feel that you frown on me,” patuloy nito sa tonong iyon na tanging silang dalawa lamang ang nakakarinig. “You disapprove of my coming here.”

“I am thinking, Mr. Del Valle,” simula niyang may hint ng pang-asar, “do you get results from such lines like that?”

Natawa ito.

“Napakaguwapo siguro ng bida ng huling romance novel na binasa mo,” komento nito na napapailing. “I can’t keep up with your standard.”

“Anything wrong with my preference of men from

romance novels instead of real men with fiancées?” tanong niyang may pagmamalaki.

May isang babae ang noon ay napadako sa kanilang harapan at may hawak itong digital camera.

“Ang ganda n’yo namang tingnan! Mukha rin kayong mga artista,” anito na ini-on ang camera nito, “Puwede bang makuhanan kayo ng picture?”

Nagkatinginan silang dalawa at kaagad siyang umiling, kapagdaka ay sabay silang tumalikod mula sa babae na nahinuhang ayaw nilang makuhanan ng litrato.

“Alam mo,” muli niyang sabi, “kung hindi nga lamang ba kliyente ko ang father mo, I don’t want anything to do with you.”

“Are you afraid of being seen with me?” curious nitong tanong.

“No,” sagot niyang mayroon ding analysis na nagaganap sa kanyang utak, “I am not afraid...” *I am more afraid of my own feelings...* “Ayaw kong ako pa ang maging dahilan ng pag-aaway ninyo ni Miss Valencia. Takot ako sa karma, Mr. Del Valle.”

Nang mga sandaling iyon ay sumenyas na si Nikki kay Gavin.

“Mukhang tinatawag ka na niya,” aniya sa binata. “Alam mo, hindi lang romance novels ang ipapalit ko makaiwas lang sa ’yo.”

“What else are you prepared to take instead of me?” naintriga nitong tanong.

“I’d rather play bingo with old people,” pinal niyang saad bago tumalima patungo sa direksyon kung saan nandoon si Yumi.

“O, bakit mukha yatang naaasar ka?” puna nito sa kunot sa kanyang noo.

“Yumi,” pakiusap niya sa kaibigan, “sa susunod na pagkakataon na may posibilidad na magtagpo ang landas namin ni Gavin Del Valle, will you, at least, warn me?”

“Well, sure!” tugon nitong nagtaka kung bakit ganoon ang tono niya, subalit hindi na ito nangulit pa at bagkus ay napatingin ito sa direksyon ni Gavin at Nikki na noon ay papaalis na. Kumaway pa ito sa binata. “What I’d do to be in her shoes... What a delightfully charming man! Alam mo bang malaki ang kanyang donasyon para sa grupo? At ayaw niyang ipabanggit sa financial report ng theater group ang kanyang pangalan?”

Nagpadala si Fenella ng ilang catalogue sa opisina ni Mr. Del Valle upang papiliin ito mula sa mga fabric at paint samples. Wala siyang panahon na kunin ang catalogue ng office hours dahil may pinuntahan silang prospective client ni Yumi. Kailangan niya ang catalogue bago siya pumunta sa probinsya kung saan nandoon ang ancestral house ng mga Del Valle.

Ang nakakawalang-gana nang early evening na iyon ng Biyernes ay may parating na bagyo. Kaya naman imbis na nag-re-relax sa kanyang modest na townhouse sa Pasig ay hayun siya at pumarada sa gilid ng *Del Valle Building* dahil wala pa rin siyang pass para sa underground parking.

“Kung kailan naman...” bulong niya sa sarili nang makitang wala sa trunk ng kotse ang payong. May malalim na lubak siyang nadaanan at isang kotse ang noon ay rumagasa roon, subalit huli na upang siya ay makaiwas—natalamsikan siya ng maputik na tubig.

“Putek!” aniyang helpless na sinundan ng tingin ang kotseng iyon na noon ay papalabas na ng parking space.

Nang papasukin siya ng guwardya sa lobby ng building ay napatingin lang ito sa kanyang basang kasuotan, subalit hindi nagtanong kung bakit. Tuluy-tuloy lang siyang naglakad patungong elevator

at nang nasa loob na siya ay saka napapailing na tiningnan ang sarili.

“What happened to you?” tanong ni Gavin na nakaabang sa kanya nang bumukas ang pinto ng elevator.

“It seems,” aniyang may helpless gesture sa mga kamay, “sa tuwing ako’y pupunta dito sa inyo ay may kung anong nangyayari sa akin!”

“It seems sa tuwing papunta ka dito ay may kung anong discussion kami ni Nikki,” anitong tinanganan ang kanyang kamay at iginiya siya patungo sa pad nito. “Inaway na naman niya ako at wala pang kalahating oras na siya ay nakakaalis.”

“I am supposed to go to your—”

“Yes, I know,” putol nito.

“Puwede bang malaman kung saan ako pupunta para makuha ang mga catalogues?” tanong niya na muling napatingin sa dishevelled niyang hitsura.

“Tell you what, Nikki and I were to have dinner when she stormed out,” paliwanag nitong niyaya siya patungo sa isang silid na nahinuha niyang bedroom ng binata. “There’s the bathroom and you can fix yourself. You will find a robe in one of the shelves

there while I get the table ready again.”

“You are... inviting me... to dine with you?”

“That’s the idea,” anitong nagtungo na sa komedor. “My housekeeper will dry your clothes.”

“Pero ang mga catalogues na kukunin ko...”

“I’m on it,” sabi nitong lumingon at ipinakita sa kanya ang hawak nitong wireless phone. “I’ll tell my father’s maid to take the catalogues to the lobby. You can just pick them up later...” Hindi pa ito natatapos sa sasabihin ay kumatok sa pinto ang housekeeper na si Tesing.

“Sir!” anitong ninenerbyos.

“Ano iyon, Tesing?” tanong ni Gavin dito.

“Si Ma’am Nikki daw po ay nasa lobby at paakyat dito,” balita nito nakaramdam ng senyales ng krisis na napatingin kay Fenella.

“Shit!” bulalas ng lalaki na hinagod ang noo at napaisip kung ano ang gagawin. “You have to hide,” anito na kinawayan siya. “I don’t want you to witness her jealousy.”

Mabilis itong nag-isip kung saan siya patataguin. Ang walk-in closet ang napili nito.

“Diyan ka muna habang nandito pa si Nikki,” anitong nakikiusap ang mga mata at hindi napigilan ang impulse na siya ay halikan sa noo dahil nakatingala siya rito na namimilog ang mga kulay kapeng mata.

Hustong paglabas ng binata ay hayun na si Nikki sa sala, nakahalukipkip ang mga braso nito na ayaw tumingin sa nobyo.

“I’m sorry,” mahinang sabi nito na nakanguso. “I’m just tired and tensed.”

“Yes, I know,” ani Gavin na nagtungo sa sofa at naupo, subalit hindi roon nagpunta ang nobya. Nagtuloy ito sa silid-tulugan!

Dinig na dinig ni Fenella ang malamyos na pag-uusap ng magkasintahan habang siya ay nakaupo sa isang bangkitong tuntungan sa loob ng walk-in closet.

“Come to bed with me, Gavin,” anang babae na napakalambing ng tinig.

Napalunok ang binata na sinundan ito sa kama.

“Baka hindi ka makatulog nang mahimbing dito,” panukala nito na sana ay tumalab saka palihim na sumulyap sa direksyon ng closet.

“I’ll try to sleep here,” malambing na tugon ni Nikki na inilapag ang handbag sa bedside table, hinubad ang damit at nahiga sa kama. “Will you help me undress? Come!”

Halos mapamulagat si Fenella; tinakpan niya ng mga kamay ang kanyang magkabilang tainga dahil ayaw niyang siya ay may marinig. Ayaw niyang isipin kung ano ang ginagawa ng dalawa at lalong ayaw rin niyang sumilip!

I must be mad! amin niya na madaling sinaway ang sarili. Don’t fall in love with him!

Inalis niya ang pagkakatakip ng mga kamay sa mga tainga at parang patalim na tumarak sa kanyang dibdib ang paanyaya sa tinig ni Nikki.

“Make love to me, Gavin...”

Napakagat-labi na lamang na napailing si Fenella saka muling tinakpan ang mga tainga. Inisip niya kung gaano pa katagal bago siya makalabas doon. Upang maalis ang inip ay humanap siya ng maisusuot sa loob ng closet. Nakahanap siya ng isang t-shirt at ginamit niyang sinturon ang isang mamahaling kurbata upang hindi malaglag ang pantalong maong na kanyang napili. Ang final touch ay isang itim na blazer na kanyang inisip na isasauli kapag nagkaroon

siya ng pagkakataon.

Will you stop scheming, Fenella! saway niya sa sarili na ayaw gawing dahilan ang mga damit ng binata upang ito ay makitang muli. *For all you know, they might be making love in there...*

Hindi talaga siya naliligayahan sa isiping iyon.

Isinusukat niya ang isang *Harris Tweed* hat nang biglang bumukas ang pinto ng closet at pumasok si Gavin. Ibinalik niya ang sombrero sa shelf nito.

“I am sorry,” paumanhin nitong napangiti na ng makita siyang suot ang damit nito. “I am glad you kept yourself busy. Nikki took her sleeping pill, kaso hindi agad tumalab. I had to wait until she is really sleeping. Come!”

Hawak nito ang isa niyang kamay at dahan-dahan silang naglakad patungo sa kuwartong noon ay naka-dim ang mga ilaw sa lampshade. Naaninag niya si Nikki na noon ay nakadapang natatakpan ng puting kumot ang kahubaran ng katawan. Ang mapuputi nitong balikat at isang slender na braso ang hindi natatakpan. Ang mahaba nitong buhok ay nakahayang sa ibabaw ng malaking unan. Payapa itong natutulog.

“I am sorry about dinner,” sabi nito na matamis

ang ngiti. Pilit din niyang pinag-aralan ang mukha nito; kung ito ba ay sumiping sa nobya nito habang siya ay nasa loob ng closet.

“It’s okay,” aniyang umiwas ng tingin. “Naiwan ko ang mga damit ko sa bathroom...”

“I’ll have them sent to you and thank you for bearing with me,” tugon nitong nakatingin sa kanyang mukha na tila hinahanap kung ano ang reaction niya sa pagtulog doon ng nobya nito. “I didn’t...”

“You don’t owe me an explanation,” sabi niyang itinaas ang kamay bilang pagpigil dito na magpaliwanag.

Hindi ito kumibo subalit nakikita ni Fenella ang embarrassment sa mga mata nito.

“Ipapadala ko na lamang itong mga damit mo bukas,” aniyang sinipat ang sarili.

“Don’t send... No, forget it.” Tinanganan nito ang kanyang kamay subalit hindi na lamang itinuloy ang sasabihin. Nais sana nitong sabihin na huwag niyang ipadala.

“Goodbye,” paalam niya, ngunit ayaw pa nitong bitawan ang kamay niya.

“Okay,” mahina nitong tugon na pinakawalan

ang kanyang kamay. “Goodbye.”

Nginitian niya ito saka dahan-dahang lumabas ng pinto ng penthouse na may tanong sa sarili. *Paano ko man lamang maikukuwento kay Yumi ang nangyari? Can I tell her I spent the evening in his closet while he and his fiancée were in bed?* Minabuti na lang niyang sarilinin ang pangyayari.